

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church February 2017



Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

Puso ng Panalangin

By Tere De la Rosa



Iyon ay isang magandang hapon. Ang simoy ay bahagya lamang at habang ako ay nakatayo sa aking likod-bahay, bigla na lamang ako ay nagsimulang makipagusap sa ating tagapagligtas. Nadama ko ang pangangailangan ng madaliang pagkilos upang manalangin partikular para sa proteksyon para sa aking puso. Natandaan ko na aking hiniling sa Panginoon na wag nawa manatili ang galit at anumang iba pang mga damdamin na hindi nakaayon sa Kanyang Salita o kalooban sa aking puso. Kawikaan 4:23 ay nagpapayo: "Ingatan mo ang iyong puso ng buong sikap; sapagkat nagmumula rito ang mga isyu ng buhay."

Kaya pala ganon dahil mayroong parating na pinakamasamang bagyo sa aking buhay, napakalakas na hangin na siyang sisira sa aking pamilya. Ang bagyong tinutukoy ko ay hindi pisikal, ito ay isang espirituwal na labanan, at ito ay isang madilim na panahon para sa amin.

Kung ikaw ay isang ina, ikaw siguradong sasang-ayon sa akin sa ksabihang "saktan mo na ako wag lang ang aking mga anak". Ang pagsubok ko ay malungkot sapagkat kasangkot ang aking mga anak kung kaya para sa akin ito ay napakahirap upang harapin. Kung hindi lamang ako

nakakakilala sa Diyos maaaring ako ay mamuot, mag-alimura at manlibak sa mga taong nanakit sa aking anak, subalit dahil ang puso ko ay hawak ng Diyos, hindi ko nagawang magalit sa kanila. Ang aking puso ay hindi nakatali, kung kaya ako ay malaya upang manalangin at magpuri. Ang Diyos ang tangi kong liwanag sa panahon ng kadiliman sa aking isipan, Ang Diyos na siyang aking kinapitan upang ang aking pamilya ay magtagumpay. At siya ay tumugon kung kaya kami ay nagtagumpay!

"Ang kabayo ay handa laban sa kaarawan ng pagbabaka: nguni't ang pagtatagumpay ay sa Panginoon" (Kawikaan 21:31).

Hindi ko alam kung ano ang maaari nating harapin. ngunit hinihikayat ko kayo na protektahan ninyo ang iyong puso. Punuin ninyo ito ng buhay na salita, nang may panalangin at papuri sa Panginoon, at alagaan ito nang may pagdalo sa simbahan. At sa pagkakataong tayo ay nasasaktan, sa halip na mga kapaitan ang lumabas sa ating bibig, tayo ay magsalita na lamang patungkol sa awa, pagpapatawad, at pag-ibig, dahil ito ang magiging laman ng ating puso,

"Ang mabuting tao ay kumukuha ng kagalingan sa mabubuting kayamanan ng kaniyang puso; at ang masamang tao'y kumukuha ng kasamaan sa masamang kayamanan: sapagka't sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang kaniyang bibig. (Lukas 6:45).

Tala: Si Luis at Tere De la Rosa ay pastor sa Espanyol ministry ng Life Covenant Sanctuary, Bradenton, Florida, at naglilingkod bilang assistant pastor sa Reverend Dale Eason. Siya din ang Ladies Coordinator para sa mga Espanyol .

Ano ang Puso ng Panalangin

ni Kay Burgess



Ano ba ang "*Heart of Prayer*"? Ito ba ay tungkol sa sentral na ideya ng mga pangngalan panalangin, o mismo sa puso na ating hinahangad? Naniniwala ako na ito ay pareho - isang bagay na dapat pareho nating hinahanap at ninanais ng higit sa lahat.

Si Haring David ay kilala bilang "tao na ayon sa puso ng Diyos". Kaniyang hangad palagi na makausap ang Diyos sa kanyang isipan, salita at puso. At nais niya din na gayahin siya ng kanyang mga anak at buong sambayanan. Bagaman hindi siya pinapayagan na magtayo ng templo, siya naman ang naghanda sa lahat ng kakailanganin upang maitayo ito ng maayos. Pinarangalan ng Diyos ang hangarin ng kaniyang puso sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanyang anak na si Solomon na maging ang aktwal na magtatayo nito. Alam ni David na hindi niya na mkikita kung kelan ito itatayo o matatapos, gayon pa man ginawa niya ang lahat na upang maging handa si solomon

Sa II Samuel 07:27 mababasa natin ang saloobin ni David habang siya'y nananalangin "Sapagka't ikaw, Oh Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng Israel ay napakita ka sa iyong lingkod, na sinasabi, Aking ipagtatayo ka ng isang bahay : kaya't nasumpungan ng iyong lingkod sa kaniyang puso na idalangin ang panalangin ito sa iyo ". Ginantimpalaan ng Diyos ang puso ni David sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kanyang mga anak sa luklukan ng Israel. Higit pa sa paggawa ng isang pisikal na bahay, ang Diyos ay naglaan ng isang espirituwal na bahay kung saan ang kanyang mga anak ay maaaring maligtas. At noong si Solomon ay nagbinata na siya ay nanalangin kanyang sariling panalangin na humihiling para sa karunungan na kinakailangan upang matupad ang komisyon. Nakakakita kami ay nalulugod na tugon ng Diyos sa saloobin ni Solomon sa I Hari 4:29: "At binigyan ng Dios si Salomon ng karunungan, pang-unawa at kalakhan ng puso. "

Hindi ba iyan ang hangarin natin dito sa *Ladies of Prayer* - na ang ating mga anak ay maglingkod at manampalataya din sa Panginoon? Bilang ina, hindi ba tayo ay nagkakaroon din ng kagalakan kung sila ay tutugon sa pagkilos ng Dios sa kanilang buhay - unang bilang mga bata, at pagkatapos ay bilang may sapat na gulang? Kapag lahat ng ating pagpapagal ay nagbunga, at natututo na sila na magdesisyon sa kanilang buhay ng tama, parang pakiramdam natin tayo ay si Juan na nagsabi "Wala nang dakilang kagalakan sa marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan."(3Juan1:4)

Kamakailan-lamang narinig ko ang patutuo ni Sister Margarita, isa siyang Pilipina na namumuhay dito sa Espanya. Pinatutuo niya ang makahimalang paglalaan ng Diyos sa buhay niya. Ito ay nagsimula sa isang simpleng panalangin na ang Diyos ay pagpalain siya upang makabigay siya "Faith Promise". Nangusap ang Diyos sa kanya at sinabi sa kanya na magbigay siya ng malaki para sa gawain, at kumilos ang Diyos sa kanya. Mga ilang oras lamang ang nakalipas, ginamit ng Diyos ang kanyang boss upang bayaran ang school bill, at may kasama pang bonus na malaki at sapat pa ito upang bayaran ang kanyang isang taong "Faith Promise". Mayroon pa siyang tatlong buwan na bakasyon sa pilipinas upang makasama niya ang kanyang anak.

Ito ay isang hindi kapani-paniwala patotoo para sa Faith Promise, ngunit hindi ito hihinto sa doon. Si Meagan na anak niya ay alam kung paaano kumilos ang panginoon, ngunit tila ba wala lamang ito sa kanya subalit pagkabalik nila mula sa bakasyon at sila ay umattend sa cell group, ang kahat ay napuspos, si meagan ay tumanggap sa panginoon din at siya ay ngsalita na din ng iba't ibang wika. Noong nakaraang linggo siya ay nabawtismuhan na sa pangalan ni Kristo.

Marami pang Meagan sa mundo na nagnanais din na tumanggap kay kristo. Baka ang iba sa kanila ay naghihintay na sila ay maabot. Ito ay ang puso ng ating panalangin. Na ang mga anak natin ay matuto hanapin ang puso ng Diyos. sinabi ni David sa Awit 27: 4 "Ang isang bagay ang hiningi ko sa Panginoon, na aking hahanapin." Ang mga tao ay "mga tao" sa lahat ng dako, at lahat tayo ay kailangan ng Tagapagligtas!

Tala: Si Ken at Kay Burgess ay mga missionaries sa UPCI simula pa noong July, 1989. Sila ay nagsilbi sa tatlong iba't ibang mga bansa, at kasalukuyang nasa Madrid, Espanya. Pastor sila sa Tabernaculo de Vida, (Life Tabernacle Madrid), Sila din ay tumutulong at nagtuturo sa National Bible School, at naglilingkod bilang Supervisors ng Madrid District.




[Watch Ladies Prayer International 1-minute Video clip.](#)



Mula sa Editor

God is doing mighty things!

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian, Norwegian, Polish, Hindi and Georgian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish, Serbian, Bulgarian at

Debbie Akers Mayroon tayong pansamantalang Japanese, Serbian and Bulgarian, ipanalangin natin na magkaroon na din ng permanenteng transleytor dito.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com. Kami ay masayang magpadala ng kopya para sa inyo!

[Visit Ladies Prayer International on Facebook and "like" our page!](#)

Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)
[UPCI Ladies Ministries](#)
[More to Life Bible Studies](#)
[Today's Christian Girl](#)
[World Network of Prayer](#)
[UPCI](#)
[My Hope Radio](#)
[Multicultural Ministries](#)
[Ladies Prayer International on Facebook](#)

Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)
[UPCI Ladies Ministries](#)
[More to Life Bible Studies](#)
[Today's Christian Girl](#)
[World Network of Prayer](#)
[UPCI](#)

[My Hope Radio](#)
[Multicultural Ministries](#)
[Ladies Prayer International on Facebook](#)



Sino kami? . . . Simula pa noong 1999: ang “Ladies Prayer Intl.” ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

Ang aming misyon . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

Aming kailangan . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..

- Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
- Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)

The Pure Path Series
from Ladies Ministries

The Girl in the Dress:
 Uncovering the Mystery of Modesty
 A book written for girls about the importance and beauty of modesty.

Unmasked!
 A Clear Reflection—The South Island Body Art Makeup and Jewelry
 A book for help young ladies be strong in their journey along the path of godliness.

Covered by Love:
 The Uplift Ministry—It's So Much More Than Hair
 A book presenting the precious message of eternal love, purpose, and blessing concerning women's hair.

The Pure Life:
 The Heart of the Matter
 A book dealing with moral purity that reveals and raises society's erroneous definitions of love and intimacy.

For more information or to purchase, contact Ladies Ministries: 314.627.7304 ext. 412 or lp@ladies.org

Ministries we support...

TUPELO CHILDREN'S MANSION

Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

NEW BEGINNINGS Maternity care for birth mothers considering adoption and child placement for adoptive couples.

HAVEN OF HOPE A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

LIGHTHOUSE RANCH for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.

ABLE Ministries

Accepting, Believing, Loving, Embracing
 individuals and families affected by disabilities

ABLE is dedicated to assisting the Special Needs and Disabled populations within the church and the community.

ABLE is a program of Ladies Ministries UPCL. For further information, email ladies@upcl.org or call 314.627.7204 ext. 412.



Do You Subscribe to Reflections Magazine?

This bi-monthly publication will bless and inspire you. Articles are biblical and relevant to today's apostolic lady. Subscribe for yourself, a friend, or order a bundle for your church.

Subscribe online!